


MAPEH (Music)

Unang Markahan – Modyul 2: *Rhythmic Patterns* Gamit ang Iba't Ibang Nota



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI



Alamin

Isa sa pinakamahalagang elemento ng musika ay ang ritmo. Ang ritmo ang nagbibigay ng kaayusan o porma sa daloy o takbo ng musika. Kinabibilangan ito ng mga mahahalagang aspekto tulad ng *pulse*, *rhythmic pattern*, mga *rhythmic syllable*, nota, *rest*, at *beat*. Dito rin natin higit na mauunawaan ang kaugnayan ng *pulse* at ritmo.

Sa modyul na ito, matutunan mo ang *rhythmic patterns* gamit ang iba't ibang mga nota sa simpleng *time signature* at inaasahan na makamit mo ang mga sumusunod:

1. Nakikilala ang *rhythmic patterns* gamit ang iba't ibang nota sa simpleng *time signature*.
2. Naisasagawa ang wastong pagpalakpak o pagtapik sa wastong ritmo na itinakda.
3. Nabibigyang halaga ang gamit ng mga nota sa pagbuo ng isang *rhythmic pattern*.




Subukin

Ipalakpak o itapik ang kamay habang sinasabi ang wastong bilang ng mga *beats* ayon sa daloy ng *rhythmic patterns*.


2

Dalawahan




3

Tatluhan




4

Apatan



4

Apatan



Aralin

1

Rhythmic Patterns Gamit ang Iba't Ibang Nota

Ang ritmo ay ang pinakamahalagang elemento ng musika na tumutukoy sa haba o ikli ng mga tunog. Ito ay maaaring maramdaman, may tunog man o wala. Ang mga tunog ay maaaring *regular* o *di-regular*.

Sa musika, iba't ibang uri ng *notes* at *rests* ang bumubuo ng ritmo. Ang bawat *note* at *rest* ay may kaukulang halaga (*value/duration*) o bilang ng kumpas. Ang *note* ay nagpapahiwatig ng tunog habang ang *rest* ay nagpapahiwatig ng katahimikan. Maaari nating pagsasamasamahin ang mga tunog upang makabuo ng *rhythmic pattern*. Ito ay ang kombinasyon ng mga tunog na di naririnig na may pareho o magkaibang haba.



Balikan

Naaalala mo pa ba ang bilang ng bawat nota at *rest*? Ang mga nota at *rests* ay may katumbas na bilang o halaga tulad ng mga sumusunod:

Mga Nota	Mga Rests	Katumbas na bilang
Whole Note 	Whole Rest 	4
Half Note 	Half Rest 	2
Dotted Half Note 	Dotted Half Rest 	$2 + 1 = 3$
Quarter Note 	Quarter Rest 	1

Dotted Quarter Note 	Dotted Quarter Rest 	$1 + \frac{1}{2} = 1\frac{1}{2}$
Eight Note 	Eight Rest 	$\frac{1}{2}$
Sixteenth Note 	Sixteenth Rest 	$\frac{1}{4}$

Gawain 1: Ibigay ang bilang o halaga ng bawat nota at *rest* na nasa ibaba. Isulat ang kabuuang halaga ng mga nota at *rests* na nasa bawat bilang ng iyong sagutang papel.

Pagkatapos, subukang ipalakpak ang kamay batay sa katumbas na bilang ng bawat nota at itigil kapag ito ay *rest* sa bawat hanay.

1.  = _____ beats

2.  = _____ beats

3.  = _____ beats

4.  = _____ beats

5.  = _____ beats

Mga tanong:

1. Nakuha mo ba ang wastong bilang ng mga nota at *rests*?

2. Mahalaga ba ang bawat nota at *rest*? Bakit?



Tuklasin

Basahin ang tula na sinulat ni R. Alejandro at sagutin ang mga tanong na nasa ibaba.

Aking Ulap

Lunday ka ng aking sanlibong pangarap,
Sa dagat na langit ay lalayag-layag;
Sa lundo ng iyong dibdib na busilak,
May buhay ang aking nalantang bulaklak.

Kung nagduruyan ka sa ruok ng langit,
Kalaro ng aking mga panaginip,
Ang lupang tuntunga'y di na naiisip,
Nalilipat ako sa ibang daigdig.

Isakay mo ako, O Ulap kong giliw,
Ibig kong mahagkan ang mga bituin;
Ang lihim ng araw at buwang maningning,
Ibig ko rin sanang malama't malining.

R. Alejandro

Mga tanong:

1. Ano ang napansin mo sa tono o indayog habang binabasa o binibigkas ang tula?


2. Ano ang iyong naramdaman habang binabasa o binibigkas ang tula?

3. Maihahambing mo ba ang tula sa isang musika? Bakit?


Handa ka na ba sa susunod ng gawain?

Kopyahin sa iyong sagutang papel ang mga napapaloob sa bawat bilang na nasa ibaba. Pagkatapos, pagpangkat-pangkat ang mga grupo ng nota at *rests* sa pamamagitan ng paglalagay ng *bar line* ayon sa ibinigay na *time signature*.

1)

2			
4	1 2	1 and 2	1 2

2)

3			
4	1 2 3	1 and 2 and 3	1 2 3

3)

4			
4	1 2 3 4	1 2 3 4	1 2 and 3 4

Mga tanong:

Tama kaya ang pagpa- pangkat mo sa mga nota at *rests*?

Ilang bilang mayroon ang pangkat ng nota at *rests* sa mga sumusunod na *time signature*? Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- 1)

2
4

- 2)

3
4

- 3)

4
4




Suriin

Rhythmic Pattern- ay ang pinagsama-samang mga nota at *rests*, ito ay binubuo ng mga sukat na naaayon sa nakasaad na *meter* o *time signature*. Ang dami ng sukat ay nababatay sa haba o ikli ng awitin.

Ang nota ay nagpapahiwatig ng tunog habang ang *rest* ay nagpapahiwatig ng katahimikan.


Ang mga nota at *rests* ay may kaukulang halaga na nakatutulong sa pagbuo ng mga *rhythmic pattern*. Kaugnay nito ang *time signature* na pinagbabatayan ng wastong paglalagay ng mga nota at *rests*.




Pagyamanin

Gawain 1

Gawin ang mga sumusunod na *rhythmic pattern* sa pamamagitan ng pagtapik ng kamay ayon sa katumbas na beat/s ng bawat nota at *rest*, at kilalaanin ang uri nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1) 

2) 

3) 

4) 

Naisasagawa mo ba ang wastong pagpalakpak o pagtapik ayon sa itinakdang ritmo?

Gawain 2

Kopyahin ang mga sumusunod sa sagutang papel. Kilalanin ang *rhythmic pattern* sa pamamagitan ng pagguhit ng *barline* sa takdang bilang ng *beat* ayon sa ibinigay na *time signature*. Pagkatapos ay ipalakpak o itapik ang bilang ng bawat nota.

Halimbawa:



- 1)

3
4
- 2)

4
4
- 3)

3
4
- 4)

4
4
- 5)

2
4

Gawain 3

Pag-aralan ang isa sa mga *rhythmic patterns* na nasa ibaba. Isagawa ang *rhythmic pattern* nito sa pamamagitan ng pagpalakpak o pagtapik sa wastong ritmo nito. Pagkatapos, bigyang marka ang sarili sa pamamagitan ng *rubrik* na nakalagay sa mga sumusunod na pahina.

4 Apatan	
4 Apatan	
4 Apatan	
3 Tatluhan	

Rubrik

Panuto: Lagyan ng tsek (/) ang angkop na kahon batay sa pamantayan ng pagtatanghal.

Pamantayan	Napakahusay (4)	Mahusay (3)	Bahagyang Mahusay (2)	Kailangan Pang Paunlarin (1)
1. Naisagawa nang maayos ang pagpalakpak ng mga <i>rhythmic pattern</i> .				
2. Angkop ang paggamit ng kilos sa pagtatanghal.				
3. Masining ang pagkakatanghal.				



Isaisip

1. Ano ang *rhythmic pattern*?

Ang *rhythmic pattern* ay ang pinagsama-samang _____ na naaayon sa isang nakatakdang _____. Ito rin ay mabubuo sa pamamagitan ng pagsama-sama ng _____ at ginagamitan ng _____ upang makabuo ng mga pangkat ayon sa nakasaad na _____.

Halimbawa:




Isagawa


Kilalanin ang mga nota sa maikling awit na ito. Ibigay ang akmaang *beat* sa mga nota na naaayon sa nakatakdang *time signature*. Isulat sa ibaba ng nota ang akmaang bilang.

Bagbagto


Traditional (Ibaloi)



1) _____



2) _____





3) _____



Tayahin

A. Kilalanin ang mga *rhythmic patterns* na nasa ibaba kung ito ba ay

a) dalawahan b) tatluhan c) kapatán

1)			
2)			
3)			
4)			
5)			

B. Ipalakpak ang mga *rhythmic patterns* na nasa pagsasanay **A**.

Tanong: Nagawa mo ba ang wastong pagpalakpak o pagtapik sa ritmo na itinakda?
(Ipakita sa guro) Isang puntos sa bawat bilang kung tama ang paggawa ng mga ito.



C. Paano mo mabigyang-halaga ang mga nota at *rests* na natutunan sa araling ito?
(5 puntos)

Sagot: _____



Karagdagang Gawain

Pag-aralan ang bilang ng *beat* ng mga nota sa bawat sukat. Kilalanin ang wastong *time signature* ng mga *rhythmic patterns*. Isulat sa loob ng kahon ang iyong sagot.





Susi sa Pagwawasto

Gawain 1

7
6 ½
7
9
9
9
9 ½

Oo
Oo, dahil ang mga nota ang nadidikta ng
beat sa mga awitin.

Dalawahan
Tatohan
Kaptan

Pagyamanin
Gawain 1

Half Note, Quarter Rest / Half Note / Eight
Note and 2 Quarter Notes
2 Quarter Notes and 2 Eight Notes /
Quarter Rest & Half Note
3 Quarter Notes / Quarter Rests and Half
Rest
Half Note / 2 Eight Notes / 2 Eight Rest / 2
Eight Notes / 2 Quarter Notes

Notes

Rest

Time Signature

Notes

Rest

Bar Line

Notes

Isagawa

do do ti / so so ti la / so fa fa

do so so / ti la so / so so ti / so so so ti

so so so la so so ti la so

Tayahin

A. Dalawahan

B. Tatluhan

C. Kapatan

A. Dalawahan

C. Kapatan